# Ang mga Nakaligtas sa Wildfire ay Dapat Samantalahin ang mga Mapagkukunan ng Estado at Pederal

**Release Date: Jan 26, 2025** **Release Number: FS 006**

Kinikilala ng FEMA at ng estado ang napakalaking pinansyal at emosyonal na epekto ng mga wildfire sa mga indibidwal at pamilya. Habang nakikipaglaban sa mga hamong ito, narito ang ilang mga mapagkukunan na maaaring makatulong.

## Saan Ako Makakakuha ng Tulong?

- LACounty.gov/Emergency: Real time na impormasyon tungkol sa paglikas, shelter, at iba pa.
- 2025 Los Angeles Fires | CA.gov: One-stop shop para sa tulong sa sunog sa wildfire.
  - Kumuha ng tulong nang personal | CA.gov: Oras ng paghihintay para sa mga bumibisita sa Disaster Recovery Center (DRC).
- DisasterAssistanace.gov: Para magparehistro para sa pinansyal na tulong para sa hindi nakaseguro o kulang sa seguro na mga gastos na may kaugnayan sa wildfires.
- 988 Lifeline: 24/7 na kumpidensyal na suporta para sa mga krisis sa kalusugan ng isip, mga pag-iisip tungkol sa pagpapakamatay, o mga isyu sa paggamit ng substansiya. Tumawag o mag-text: **988.**
- Linya ng Pagkakaibigan sa California: 24/7 nasuporta para sa mga taga-California na may edad 60+ upang kumonekta sa isang taong handang magbigay ng emosyonal na suporta at pakikinig.**Tumawag: 1-888-670-1360.**
- Serbisyo ng Emosyonal na Suporta (CalHOPE): Pagpapayo sa kapwa para sa stress, pagkabalisa, depresyon o pag-aalala.
- Suporta sa Kalusugan ng Isip para sa mga Kabataan at Pamilya (CalHOPE)**:** Pagsasanay sa kalusugan ng isip at mga mapagkukunan para sa mga magulang na may mga anak (edad 0-12) at mga tinedyer/kabataang nasa hustong gulang (edad 13-25).

- Administrasiyon para sa Pagabuso sa Substansiya at Serbisyo para sa Kalusugang Pangkaisipan **(Substance Abuse and Mental Health Services Administration - SAMSHA):** Ang Disaster Distress Helpline ay nagbibigay ng 24/7 na pagpapayo at suporta sa mga nakaligtas na nakakaranas ng emosyonal na pagkabalisa na nauugnay sa mga kalamidad. Ang Administrasyon para sa Pagabuso sa Substansiya at Serbisyo para sa Kalusugang Pangkaisipan (Substance Abuse and Mental Health Services Administration - SAMSHA) ay isang ahensya ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos (HHS).
  - Tumawag sa **800-985-5990**, bisitahin ang samhsa.gov/ o mag-text ng **TalkWithUs** para sa Ingles o **Hablamos** para sa Espanyol sa **66746** upang kumonekta sa isang sinanay na crisis counselor.
- Crisis Text Line: Mag-text ng **HOME** sa **741741** upang kumonekta sa isang volunteer Crisis Counselor.
- **Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan ng LA County**:
  - Kalusugang Pangkaisipan at Stress Pagkatapos ng Isang Emergency
  - Hotline ng LA County Access Center